

## **DI DIREKTANG HALALAN SA PRESIDENTE AY ANG HIGIT NA MABUTING PARAAN NG PANGKINATAWANG DEMOKRASYA**

Ang panukalang sistema ng di direktang pambansang halalan sa Presidente ay higit na mabuting paraan ng pangkinatawang demokrasya, dahil tinatangal nito ang likas na pagkiling sa mga “sikat” at “mayamang” kandidato sa kasalukuyang sistema ng direktang pambansang halalan.

Ang mga “mayamang” kandidato ay iyong may kakayahang gumasta ng bilyones sa pangangampanya upang makilala ng mga botanteng Pilipino sa buong bansa. Ang mga “sikat” na kandidato ay iyong mga tanyag sa larangan ng entertainment, isports at media, na hindi na kailangang mangampanya dahil kilala na sila ng mga botanteng Pilipino.

Ang mga “sikat” at “mayamang” kandidato ay higit na nagtatagumpay sa sistema ng direktang pambansang halalan, kung saan pangkaraniwang nangunguna ang kasikatan kaysa sa paggawa. Subalit, sa halalang lokal, sektoral at pang-rehiyon, ang “kasikatan” at “kayaman” ay pangkaraniwang wala gaanong halaga kung ihahambing sa tunay na tala ng serbisyong pampubliko.

Sa panukalang sistema, ang pinagsamang halalang pang-rehiyon para Representante ng Rehiyon, halalang lokal para Representante ng Distrito, at halalang sektoral para sa Represenateng Sektoral, ay nagsisilbi din ng di direktang halalan sa Presidente. Totoo ito, dahil ang partidong magiging mayorya sa Kongreso, ang siyang magkakaroon din ng kapangyarihang maghalal ng Presidente.

Sa ilalim nang nakagawiang parlamento na nagtataguyod ng di direktang halalan sa punong tagapagpaganap (Punong Ministro), ang pinuno ng partido ay pangkaraniwang kandidato nito para sa punong tagapagpaganap. Dahil dito, walang nagaganap na pagsupil sa karapatang pagboto, dahil ang botante ay malayang gamitin bilang batayan ang kilalang kandidato ng partido sa punong tagapagpaganap, kapag bumoto siya para sa mga kasapi ng Parlamento.

Bilang paghahalintulad, kung saan ang di direktang halalan ay itinataguyod sa paghalal ng Presidente, wala ding nagaganap na pagsupil sa karapatang pagboto, dahil ang botante ay malayang gamitin bilang batayan ang kilalang kandidato ng partido sa pagka-Presidente, kapag bumoto siya para sa mga Representante ng Rehiyon (kapalit ang mga Senador), Representante ng Distrito, at Representanteng Sektoral.

Kahit sa ilalim ng sistemang presidensyal ng America, ang Presidente ay di direktang naihalal sa buong bansa, sa halip siya ay naihalal ng isang asamblea, kung saan ang mga kinatawan nito ay naihalal din sa lebel ng lokal na estado.

Kaya, hayagang tinataguyod ang di direktang pambansang halalan sa Presidente. Itinataguyod ng panukalang sistema ang pangkinatawang demokrasya, dahil tinatangal nito ang pagkiling sa mga “sikat” at “mayamang” kandidato. Sa ganito, napapalawak ang talaan ng mga kandidatong may kakayahang manalo sa pagiging Presidente.

Ang makabagong pribadong korporasyon ay maaaring magsilbing modelong gawain ng direktang halalan. Sa ilalim ng korporasyon, ang mga shareholder o miyembro ay naghahalal lamang ng kanilang mga kinatawan sa namamahalang lupon. Ang lupon ang siyang may kapangyarihan at responsibilidad, di lamang sa pagbuo ng nararapat na patakaran, kundi pati sa paghalal ng mga tagapagpaganap ng patakaran. Sa sistemang ito, napapalakas hindi lamang ang pleksibilidad kundi maging ang pananagutan.

Ang artikulong ito ay sinulat na *ex-gratia* ni Demosthenes B. Donato para sa  
We Citizen Advocates for Reforms Movement (We Care), Inc.  
(Kilusan ng Mamamayang Nagmamalasakit sa Bayan).  
Ang lahat ng intellectual property rights ay binibigay sa public domain.